DALAWANG AMA
ni Jose Victor Z. Torres

Mga Tauhan

Padre Damaso - 40 anyos. Isang prayleng Pransiskano.
Kapitan Tiago - 35 anyos. Isang mayamang mestizong Instik
Pacing - 45 anyos. Pinsan at katulong sa bahay ni Kapitan Tiago
Donya Pia - 32 anyos. Asawa ni Kapitan Tiago.

Ang panahon ay ika-19th na dantaon. Sa bayan ng San Diego.

(*Madilim ang entablado. Mula sa labas ay maririnig ang malakas na pag-ulan na may kasamang pagkulog at pagkidlat. Maririnig ang malakas na pagkatok sa pintuan at ang boses ni Padre Damaso. Mula sa isang kuwarto ay maririnig ang mga daing at sigaw ni Donya Pia sa kanyang panganganak*.)

DAMASO : ANO BA KAYO DIYAN? MAY TAO DITO SA LABAS!

(*Magbubukas ang ilaw sa entablado. Gabi. Ang sala ng bahay ni Kapitan Tiago. Patuloy na maririnig ang malakas na pagkatok. Mula sa kusina ay papasok si Cha Pacing, ang pinsan ni Kapitan Tiago. Madali siyang pupunta sa pintuan*.)

PACING : Sandali lamang! Nariyan na! Nariyan na!
(*Lalabas sandali si Cha Pacing. Maririnig ang pagbukas ng pintuan, ang padabog na pagpasok at ang pagmumura ni Padre Damaso*.)

DAMASO : (*mula sa labas*) Dios mio! Tonta! Napakabingi ng mga tao sa bahay na ito.

PACING : (*mula sa labas*) Pasyensya na po, Padre Damaso.

DAMASO : At napakabagal mong kumilos! Alam mo bang ilang minuto na akong naghihintay sa ulan?

(*Papasok si Pacing na hawak ang isang basing payong. Kasunod niya si Padre Damaso na medyo basa ang abito*.)

PACING : Pagpasyensyahan niyo na ho, Padre. Hindi ko kayo narinig dahil sa lakas ng bagyo.

DAMASO : Isa ka kasing matandang bingi!

PACING : At inaasikaso namin si Donya Pia. Tumutulong po ako sa komadrona. Sandali lang po at ikukuha ko kayo ng pamunas.

DAMASO : Ikuha mo na rin ako ng maiinom na mainit. Ako'y pupulmonyahin sa ginaw. Nasaan ba si Tiago?

PACING : Nasa oratoryo lang po…

DAMASO : (*patawag*) Tiago! Santiago! Ano ba't hindi mo na kayang sumalubong at batiin ang isang alagad ng Diyos?

(*Mula sa kuwarto ay maririnig ang sigaw ni Donya Pia*.)

DAMASO : Ano 'yon? Anong nangyayari?

PACING : Ay, si Donya Pia po. Hanggang ngayo'y hindi pa nailuluwal ang bata.

DAMASO : Ano? Pero bakit? Kaya ako'y nandito ay gusto ko nang makita ang sanggol…

(*Papasok si Kapitan Tiago mula sa oratoryo. Lalabas si Pacing. Lalapit si Tiago at hahalikan ang kamay ng prayle*.)

TIAGO : Buenas noches, Padre Damaso.

DAMASO : Buenas noches. Kumusta na si Pia?

TIAGO : Mahirap ang kanyang pagpapanganak. Nasa loob pa rin ang komadrona.

DAMASO : Kaya ako naparito'y akala ko ay lumabas na ang sanggol.

TIAGO : May kumplikasyon daw. Alam niyo naman na hindi gaanong malakas ang katawan ni Pia.

DAMASO : Baka naman kung sino lamang 'yang komadrona.

TIAGO : Si Cha Ising ang pinakamahusay na komadrona dito sa San Diego. Hindi na sana siya lalabas sa panahong ganito. Pero pinakiusapan ko na. Isinagot naming ni Pia ang paglibing ng kanyang asawa nuong isang taon.

DAMASO : Pinakamahusay pero baka naman hindi ang pinakamagaling. Dalawang sanggol ang aking binendisyunan sa libing. Si Ising na 'yan ang nagpanganak.

TIAGO : Kung mayroon pa po dito sa probinsya ay baka hindi na kakayanin ng kayamanan ko, Padre.

DAMASO : Bakit hindi mo siya dalhin sa Maynila? Mahusay ang mga duktor doon. May mga ospital pa...

TIAGO : Maselan ang kalagayan ni Pia. Hindi siya basta puwedeng ibiyahe. At walang mangangahas ng kutsero o bangkero na tumuloy ng Maynila sa bagyong ito.

DAMASO : Bakit hindi ka magpasundo ng duktor?

TIAGO : Inisip ko na rin 'yan, Padre. Pero malakas nga ang ulan at delikado ang daan. Si Cha Ising na lang ang aking nakuha. At wala na tayong magagawa kundi siguro magdasal na sana'y magmilagro ang Diyos at tumigil ang ulan na ito!

(*Sandaling katahimikan*.)

TIAGO : (*patlang*) Ipagpaumanhin ninyo, Padre Damaso. Ako'y nag-aalala lamang. Panganay ko ang batang ito. At kinakabahan si Cha Ising sa kondisyon ng maybahay ko.

DAMASO : Ipagpaumanhin mo rin, Tiago. Sa ganitong kalagayan ay minsan pakiramdam ko'y ako ang ama ng bata.

TIAGO : Naiitindihan ko. Si Pia ang iyong pinakamamahal na ikinukumpisal. Naging malapit na kayo sa pamilya ko.

PIA : (*mula sa kuwarto*) Ay, Diyos na maawain!

(Madaling lalabas sandali si Tiago. Nakatayo lang sandali si Padre Damaso at nag-aalalang nakatitig sa kuwarto. Maya-maya'y papasok muli si Tiago. Kasunod niya si Pacing na may dalang tuwalya at isang tasang tsokolate. Iaabot niya ang tuwalya sa prayle na kukunin naman ni Damaso. Isusunod sanang iaabot ni Pacing ang tasa nguni't biglang kikidlat at maririnig ang malakas na pagkulog. Magugulat si Pacing at mababagsak ang tasa.)

PACING : Santa Barbarang maawain! (*kukunin ang tuwalya at sisimulang punasan ang natapunang abito ni Padre Damaso*) Naku! Ipagpaumahin ninyo, Padre! Hindi ko po sinasadya.

DAMASO : Tonta! Kanina'y iniwan mo ako para mabasa sa ulan. Ngayo'y paliliguan mo pa 'ko ng tsokolate!

PACING : Patawad po, Padre! Pasyensya na po!

TIAGO : Pasyensya ka na, Padre. (*kay Pacing*) Igawa mo na lang uli ng tsokolate si Padre.

DAMASO : A, kung maari, Tiago. Mas mainam para sa aking ang isang kopita na lamang ng Madeira kung mayroon. O cerveza. O kahit isang baso ng jerez.

TIAGO : (*kay Pacing*) Ilabas mo na dito ang bagong bote ng jerez na dinala kahapon.

PACING : Opo, Kapitan.

(*Iaabot ni Pacing ang tuwalya kay Padre Damaso bago lumabas. Pupunasan ni Padre Damaso ang kanyang abitong nabasa ng ulan at tsokolate.*)

TIAGO : (*patlang*) Maupo kayo.

(*Uupo ang dalawa.*)

DAMASO : Hmp. Napakahirap talagang kumuha ng mga magagaling na criada ngayon.

TIAGO : Pinsan ko si Pacing, Padre.

DAMASO : Ah... (*patlang*) Bien. Muy bien. Mabuti na kung kamag-anak ang katulong mo sa bahay. Kilala na niya ang iyong mga ugali at alam nila ang iyong pangangailangan.

TIAGO : Pinapunta ko lamang siya dito para alagaan si Pia habang ito'y nagdadalang-tao. Hindi ho siya criada.

DAMASO : (*mapapatigil*) Ah. Bien. Bien.

(*Sandaling katahimikan. Kikidlat. Maririnig ang malakas na pagkulog.*)

TIAGO : Napakasungit ng panahon ngayon.

DAMASO : Napakasamang gabi para mabuhay ang isang sanggol.

TIAGO : Hindi kaya ito isang masamang senyales?

DAMASO : Bah. Huwag kang mag-alala. Hindi bahagi ng panahon ang kondisyon ng pagpapanganak ng isang sanggol.

TIAGO : Kung marinig mo lamang ang mga sinasabi ni Cha Ising at ni Pacing.

DAMASO : Mga pamahiin, Tiago. Mga pamahiin lamang iyan. Walang talab ang paganong paniniwala sa harap ng kapangyarihan ng Panginoon.

PIA : (*mula sa kuwarto*) Ay, Diyos ko! Patawad! Patawad! (*Sandaling katahimikan. Papasok si Pacing na dalang bandeha na may laman na bote ng alak at dalawang kopita. Kukunin ni Padre Damaso at Kapitan Tiago ang mga kopita. Ipapatong ni Pacing ang bandeha sa mesita at lalabas. Kukunin ni Kapitan Tiago ang bote ng jerez at sasalinan ang kopita ni Padre Damaso.*)

DAMASO : (*itataas ang kopita*) Sa iyong anak, Kapitan Tiago. (*Itataas rin ni Kapitan Tiago ang kanyang kopita nguni't biglang mapapatigil siya sa sigaw ni Donya Pia.*)

PIA : Ay, sumpa ng Diyos! Patawad, Santiago! Patawarin mo ako!

(*Tuluyan nang deretsong iinumin ni Kapitan Tiago ang alak. Mapapatingin lang si Padre Damaso bago siya iinom. Kukunin ni Kapitan Tiago muli ang bote ng jerez at magsasalin ng alak.*)

DAMASO : Sigurado ka bang nasa mabuting kamay ang iyong asawa?

TIAGO : Opo, Padre. Maytiwala po ako sa komadrona. (*patlang*) Pero hindi ko alam kung bakit iyon ang kanyang isinisigaw. Patawad? Patawad para sa ano? Papatawarin ko siya? Para saan? Bibigyan niya ako ng kaligayahan sa pagsilang ng isang anak. Aming anak!

(*Biglang kikidlat at maririnig ang malakas na kulog.*)

PIA : Ay, patawad! Panginoon ko! Sumpa ng Diyos!

(*Mapapaiyak si Kapitan Tiago.*)

TIAGO : Ay, kung bakit ako pinapahirapan ng ganito?

DAMASO : Lakasan mo ang loob mo. Matatapos rin ang paghihirap niya.

TIAGO : (*tutungga ng alak at magsasalin muli*) Ano ang naging kasalanan ko, Padre Damaso?

DAMASO : Ano ang ibig mong sabihin?

TIAGO : Bakit ako pinaparusahan para sa aking kabutihan?

DAMASO : Parusa, Tiyago?

TIAGO : Opo, Padre. Bakit napakalupit sa aking ng Diyos? Ako'y isang mabuting patron ng mga bahay-ampunan at bahay-limusan. Hindi ako nagkukulang sa aking mga obligasyon sa Simbahan. Ako'y isang mabuting Katoliko. Lahat ng santo ko'y aking pinabendisyunan. Hindi ko tinatanggihan ang bawa't grasya na mapapasaakin.

Hindi ko tinatalikuran ang bawa't palad na nakasahod para sa paglimos. Bakit hindi niya bigyan ng madaling pagpapanganak ang asawa ko?

DAMASO : Binibigyan ng Diyos ng paglilitis ang bawa't nilalang na kanyang nilikha.

TIAGO : Kailangan ba ang bawa't tuwa ko'y tutumbasan ng paghihirap? Anim na taon na kaming kasal subali't hindi kami binigyan ng anak. Kundi sa inyong tulong ay...

(*Tutungga muli sana si Padre Damaso nguni't nang marinig ang sinasabi ni Tiago ay mabibilaukan at uubo ng matagal.*)

DAMASO : (*habang pinupunas ang inubong alak sa bibig at damit*) Anong tulong ang sinasabi mo?

TIAGO : (*iinom ng alak*) Sinabi sa akin ni Pia ang lahat.

DAMASO : (*mapapalunok*) Ano? *(matataranta*) Tiyago, intindihin mo. Malungkot ang iyong asawa't ako'y...

TIAGO : At ako'y nagpapasalamat sa inyo.

DAMASO : Ha?

TIAGO : Maraming salamat sa naitulong niyo kay Pia.

DAMASO : (*patlang*) May sakit ka ba, Tiago? (*patlang*) Matapang ba itong jerez?

TIAGO : Padre? Bakit? Namumula kayo.

DAMASO : H-hindi ko maintindihan. Kung ang turing mo sa ginawa ko kay Pia ay tulong... aba'y...

TIAGO : Hindi ba't kayo ang nagpayo kay Pia na sumayaw siya sa harap ng santo ni Santa Clara sa Obando?

DAMASO : (*mapapatigil*) Ha? Obando? Santa Clara?

TIAGO : Huwag niyo na ho ipagkaila. Nagyaya si Pia na sumayaw sa Obando noong Mayo. Payo niyo raw na baka magmilagro ang santa kung sayawan niya ito.

DAMASO : Ha? (*patlang*) A, oo. Oo. At sa Birhen ng Salambaw at kay San Pascual Baylon.

TIAGO : At isang milagro nga ang nangyari.

DAMASO : Oo, Tiago. Isang milagro.

TIAGO : Nakalimutan niyo na ba? Kaya't ako'y nag-alay ng bagong kalis na ginto at alahas para sa Birhen sa simbahan. (*patlang*) Subali't may isa rin akong hiling na sana'y tuparin ninyo kung iyong mamarapatin.

DAMASO : Sa aking buong magagawa, Tiago.

TIAGO : Gusto ko kayo maging ninong ng aking anak. Ang kanyang pangalawang ama!
(*Maririnig ang daing at pagsigaw ni Donya Pia*.)

PIA : Ay, Diyos ko! Diyos ko!

(*Madaling papasok si Pacing at pupunta sa kuwarto. Mapapatigil si Padre Damaso at Kapitan Tiago. Hinihintay nila ang iyak ng bagong silang na sanggol. Maya-maya'y papasok si Pacing mula sa kuwarto. Titingnan niya si Kapitan Tiago at iiling. Lalabas si Pacing*.)

DAMASO : Wala pa rin.

TIAGO : Wala pa rin.

DAMASO : Manalangin tayo kay Santa Clara.

TIAGO : Kanina pa ako nakaluhod sa harap ng altar sa oratoryo. Hinihintay ko na lang na may magsalitang santo o bumaba ang isang Kristo sa kanyang krus para mayroon akong signos na mapapalagay sa mabuting kalagayan si Pia. (*patlang*) Alam niyo ba na madalas gawin ni Pia ito nang siya'y nagdadalang-tao? Masaya dapat siya nung nalaman niyang buntis siya nguni't hindi gano'n ang nangyari. Naging malungkot siya. Parating umiiyak. Parati siyang nakaluhod sa harap ni San Antonio de Padua.

DAMASO : Mga capricho lang ng nagdadalang-tao, Santiago. Isang pangkaraniwang dinaramdam ng mga bagong ina.

TIAGO : Sinabi rin 'yon sa akin ng mga matatanda dito sa San Diego. Naglilihi lamang si Pia. Pero sa lahat ng paglilihian niya ay bakit pa estatwa ng isang santo ng mga Pransiskano?

DAMASO : (*patlang*) Capricho lang, Santiago. Capricho lamang.

TIAGO : Pero nagtatagal ba ang capricho ng siyam na buwan?

DAMASO : Bakit mo naman nasabi ‘yan?

TIAGO : Hindi ko na nakitang masaya si Pia mula siya’y nagsimulang madalang-tao. Kung hindi siya buntis ay malamang hindi na siya kumain. Nagkasakit na siya at namatay.

DAMASO : Nahihirapan lamang siya sa kanyang pagbubuntis. Ilang beses ko nang nakita mangyari ‘yan sa aking mga misyon sa probinsya.

TIAGO : Minsa’y narinig ko siyang nagdarasal sa oratoryo. Naririnig ko na binabanggit ang pangalan niyo.

DAMASO : Ako?

(*Kukulog. Lalapit si Padre Damaso sa mesita at sasalinan ng alak ang kopita niya. Tititigan siya ni Kapitan Tiago.*)

DAMASO : Ako?

TIAGO : (*kikibit ng balikat*) Hindi ko alam, Padre. Kayo ang kanyang kumpesor. Baka mayroon siyang nais sabihin sa inyo. Subali’t ilang beses ko siyang tinanong kung gusto kayong ipatawag ay tumatanggi siya. Ayaw kayong makita. Ayaw kayong makausap. Inisip ko tuloy na kayo ang pinaglilihian niya.

DAMASO : Mahirap din siguro paglihian ng isang buntis.

TIAGO : May iniwan siyang mga sulat. Para sa inyo.

DAMASO : Mga sulat? Nasaan?

TIAGO : Pinatabi niya ang mga ito sa akin. Pinasumpa niya sa akin na hindi ko ito babasahin. Ibigay ko lamang sa inyo at parang ito raw ay isang kumpisal sa inyo. Sino ba naman ako para tanungin ang mga pag-uusapan sa kumpisal?

DAMASO : Nasaan ang mga sulat?

TIAGO : Pinatabi sa akin. Ibigay ko raw sa inyo sa pagdating ng kanyang kabuwanan.

DAMASO : Entonces, ito na ang panahon. Ibigay mo na sa akin.

TIAGO : Sandali at kukunin ko.

(*Lalabas si Kapitan Tiago. Maririnig ang daing ni Donya Pia. Kikidlat at kukulog. Mapapaluhod si Padre Damaso at titingala siya.*)

DAMASO : Panginoon, tulungan niyo siya. Paggaanin niyo ang kanyang kahirapan. Iligtas niyo ang ina at anak. Patawarin ninyo ako sa aking mga pagkukulang at aking mga pagkakamali. Bigyan mo ako ng lakas para makita ang bunga ng aking kahinaan ng laman. Pinigil niyo ang kamay ng tadhana nang gusto kong patayin ang bata. Binigay ko ang buhay ko sa inyo sa pagsunod ng aking mga yapak. Huwag ninyo akong pabayaan. Huwag mo silang pabayaan. Hindi ko itatanggi ang aking responsibilidad bilang isang ama…

(*Hindi nakita ni Padre Damaso na pumasok si Pacing at pinapanood siya. Magugulat ang prayle nang makita ang matanda at agad siyang tatayo.*)

DAMASO : Ano ang kailangan mo?

PACING : Wala po.

DAMASO : Bakit ka nandito? Kanina ka pa ba nakatayo diyan?

PACING : Ay, hindi po. Pinapatanong kasi ni Kapitan kung gusto niyo ng galletas para sa inyong jerez.

DAMASO : (*patlang*) Hindi na. Hindi na.

PACING : Salamat naman at ipinagdarasal niyo si Donya Pia. Sa palagay ko kasi marami rin siyang pagkukulang kaya't pinaparusahan siya ng ganito.

DAMASO : Anong ibig mong sabihin?

(*Titingin muna si Pacing sa paligid bago kakausapin ang prayle sa isang mahinang boses.*)

PACING : Huwag niyo na lang pong sabihin kay Kapitan. Pero may ilang mga pangyayari na hindi ko sinasabi.

DAMASO : Tulad ng?

PACING : Madalas ko pong naririnig ni Donya Pia na isinusumpa ang bata sa kanyang sinapupunan. Nakakapangilabot kung marinig niyo siya na sana'y hindi matuloy ang kanyang pagdadalang-tao. Hindi naman sa ako'y tsismosa pero naririnig ko ang kanyang mga dasal kay San Antonio. Nais niyang mamatay ang bata at hindi matuloy.

DAMASO : Santissima!

PACING : Hindi ko naman alam kung ano galit niya kay Kapitan. Ilan beses naman nilang sinabi na gusto na nilang magkaanak. Na matagal na raw nila itong pinagdarasal. Ikinuwento pa nga sa akin ni Donya Pia ang kanilang pagsayaw sa harap

ng mga mahal ng santo sa Obando. Pero nang nabuntis siya... hindi ko alam kung bakit nagbago ang kanyang isip. (*tititigan si Padre Damaso*) Kung makapagkumpisal po sa inyo si Donya Pia ay sana po ikumpisal niya na muntik na siyang kumitil ng buhay.

DAMASO : Madre de Dios! Kaninong buhay?

PACING : Nung bata. Gusto niya sana itong nilaglag. Minsan umuwi siya na may dalang gamot. Sinabi niya na gusto niyang patayin ang bata. Iinumin niya ang laman ng dalang bote at hihintayin na lamang iluwal ng katawan niya ang sanggol. Pero humina ang kanyang loob nang subukan niyang inumin ito. (*mula sa kanyang blusa ay may ilalabas na botelya may lamang likido*) Itinago ko ang gamot. (*patlang*) Ayaw ko pong maging isang makasalanan si Donya Pia, Padre. Bawal ang pumatay, hindi po ba? Labag ito sa Sampung Utos. Humingi po kayo ng kapatawaran sa Diyos para sa kanya. Isa po siyang mabait na tao. At magiging mapagmahal siyang ina.

DAMASO : (*lalapit kay Pacing, kukunin ang bote, at itatago sa bulsa*) Salamat naman at pinigilan mo siya. (*patlang*) Sinabi ba sa iyo kung kanino galing itong gamot?

PACING : Hindi po, Padre.

DAMASO : Alam ba ito ni Tiago?

PACING : Ay, hindi po. At kailan man ay hindi ko sasabihin ito sa kanya.

DAMASO : Mabuti naman. Itong sinabi mo sa akin ay para na rin kumpisal. Ako at ako lamang ang siyang may alam nito. Kapag ito'y malaman ng iba ay sa 'yo lamang nanggaling ito. Parusa ng apoy ng impiyerno ay mapapasaiyo dahil sa pagbukas ng iyong mga labi ng sakramento ng kumpisal.

PACING : Diyos ko po. Opo, Padre. Hindi ko na ito babanggitin sa iba.

DAMASO : Bien. Bien. (*bebendisyunan si Pacing*) Hala! Labas na.

PIA : (*mula sa kuwarto*) Patawad, Diyos ko! Patawad!

DAMASO : Ano na ba ang ginagawa ng komadrona at ganyan na lamang ang paghihirap ni Pia?

PACING : Hindi kasi lumalabas ang bata. May kasabihan kasi na kapag ganyan ang pagpapanganak ay baka natatakot ang bata lumabas sa mundo. Baka hindi siya tanggapin nito. Baka paglaruan siya ng tadhana.

DAMASO : Anong kabalbalan 'yang iyong sinasabi? Walang sanggol ang hindi gustong mabuhay.

PACING : Tama po kayo.

DAMASO : At ang bawa't sanggol ay isang likha ng Panginoon na siya dapat ikatuwa ng mundo.

PACING : Tama po kayo. Pero...

DAMASO : Pero....? Anong pero?

PACING : Ayaw po ito ng ina.

(*Hindi sasagot si Padre Damaso*.)

PACING : At kung tama po kayo sa lahat ng iyong sinasabi ay bakit hindi pa po nailuluwal ang sanggol?

(*Mapapatigil si Padre Damaso*.)

PACING : Hindi po ba?

DAMASO : (*magagalit*) Ignoranteng mujer! Hala, ikuha mo ako ng galletas. Nagutom ako sa walang-kuwentang usapang ito.

PACING : Opo. Opo, Padre.

(*Madaling lalabas si Pacing. Maghihintay ng ilang sandali si Padre Damaso bago niya ilalabas ang botelya at titingnan ito*.)

DAMASO : Ay, Pia. Sa lahat ng panahon pang humina ang iyong kalooban. Bakit pa sa isang magiging sumpa nating dalawa? (*patlang*) Ay, napakalupit ng tadhana nating dalawa.

(*Papasok si Kapitan Tiago na may dalang dalawang sulat. Madaling itatago ni Padre Damaso ang botelya. Iaabot ni Kapitan Tiago ang dalawang sulat sa prayle*.)

TIAGO : Ang mga sulat ng aking asawa. (*patlang*) Hindi niya sinabi sa akin ang mga nilalaman. Pero sana'y ito'y hiling ng grasya para sa aming anak.

(*Mula sa kuwarto ay maririnig ang isang mahabang daing kay Donya Pia. Agad papasok si Pacing at pupunta sa kuwarto*.)

PIA : Santiago! Patawad! Patawad sa aking anak!

(*Madaling papasok muli si Pacing*.)

PACING : Lumalabas na ulo ng bata!

(*Madaling pupunta sana si Kapitan Tiago at si Padre Damaso sa kuwarto nguni't pipigilin sila ni Pacing*.)

PACING : Sandali na po lamang. Pero hindi po kayo puwedeng pumasok.

DAMASO : Anong pinagsasasabi mo, tonta!

TIAGO : Dito na lang tayo maghintay, Padre.

DAMASO : (*kay Tiago*) Nanganganib ang buhay ng iyong asawa sa sandaling ito. Kailangan niya ang tulong ng Diyos. (*kay Pacing*) Tumabi ka riyan!

(*Itutulak ni Padre Damaso si Pacing at pupunta sa kuwarto. Maiiwan si Kapitan Tiago at si Pacing sa entablado. Mula sa kuwarto ay maririnig ang sigaw ni Donya Pia*.)

PIA : Kampon ng kasamaan! Umalis ka! Kunin sana ng kamatayan ang binhing ito!

(*Isang mahabang pagtangis ni Donya Pia pagkatapos sandaling katahimikan. Maririnig ang pagkulog sa labas. Maya-maya'y maririnig ang iyak ng sanggol. Papasok si Pacing sa kuwarto. Maiiwan si Kapitan Tiago sa labas. Maya-maya'y papasok si Padre Damaso na may dalang sanggol. Makikita ang kasiyahan sa mukha ng prayle. Sandaling magtitinginan si Kapitan Tiago at si Padre Damaso*.)

DAMASO : Babae, Santiago. Babae ang anak ni Pia.

(*Aabutin sana ni Kapitan Tiago ang bata nguni't mula sa kuwarto ay maririnig ang malakas na sigaw at iyak ni Pacing. Makakalimutan ni Kapitan Tiago ang bata at madaling papasok sa kuwarto. Patuloy lamang si Padre Damaso sa pagbuhat at paghela ng bata. Papasok si Kapitan Tiago na umiiyak. Mapapaupo siya*.)

TIAGO : Patay na si Pia. Patay na ang ina. (*iiyak*) Ay! Kay bigat ng ipinalit ng Panginoon para sa tuwa ng isang magulang.

(*Hahagulgol ng iyak si Kapitan Tiago. Nakatingin lamang si Padre Damaso at sa itsura'y nakikidalamhati sa nangyari. Subali't mapapabaling ang tingin niya muli sa sanggol. Tatalikuran ni Padre Damaso si Kapitan Tiago at makikita ang lumalaking ngiti at tuwa sa mukha ng prayle. Magsisimula siyang ihele ang bata. Mapapatigil sandali si Kapitan Tiago sa pag-iyak at titingnan ang prayle. Makakahalata si Padre Damaso na nakatingin sa kanya si Kapitan Tiago at mapapatigil ito sa paghele. Magtititigan ang dalawang lalaki habang unti-unting mamamatay ang ilaw*.)

(*Magdidilim ang entablado*.)

TABING